

Malapit na ang Pandemic EBT para sa Taon ng Pag-aaral 2020-21!

Sino ang karapat-dapat?

Karapat-dapat ang mga bata para sa P-EBT kung:

- Kung ang kanilang paaralan ay sarado o may bawas oras na tao sa tao na pagdalo.
- Karapat-dapat sila para sa libre o pinamurang mga pagkain sa paaralan.

Paano mag-a-apply ang mga pamilya?

Napakagandang balita: Hindi kailangang mag-apply ng mga pamilya para sa Programa ng P-EBT! Kung karapat-dapat ang iyong anak para sa libre o pinamurang mga pagkain sa paaralan, maaari silang awtomatikong maging kwalipikado. Dapat siguraduhin ng mga pamilya na ang kasalukuyan nilang tirahan ay nasa file ng paaralan ng bata at hinihikayat na punan ang aplikasyon para sa pagkain ng paaralan kung hindi pa nakakakuha ng libre o pinamurang mga pagkain sa paaralan.

Magkano ang makukuha ng mga pamilya?

Nagiiiba-iba ang halaga ng benepisyo depende sa modelo ng pagkatuto ng kanilang anak sa paaralan para sa bawat buwan. Ang halaga ng benepisyo kada buwan ay mula \$25 hanggang \$123.

Ano ang itsura ng card na P-EBT?

Abangan sa sulat ang card na kamukha nito!

Ang card na P-EBT ay hiwalay mula sa at hindi nito pinapalitan ang pagkain o cash (Quest) EBT card.



Ano ang mga benepisyo ng Pandemic EBT o P-EBT?

Dahil sa COVID-19, ang mga bata na karapat-dapat para sa libre o pinamurang mga pagkain sa paaralan ay makakakuha ng mga ekstrang benepisyo sa pagkain. Tinatawag ang mga benepisyo sa pagkain na ito na P-EBT. Ang mga benepisyo ng P-EBT ay nakakatulong sa mga pamilya sa Washington na makabili ng mga pagkain kapag sarado ang mga paaralan o may bawas na tao sa tao na pagdalo.

Kailan dadating ang mga card ng P-EBT?

Dapat asahan ng mga karapat-dapat na bata na makatanggap ng abiso sa huling bahagi ng Marso, na maglalaman ng higit pang impormasyon. Hiwalay na ipapadala ang card na P-EBT sa sumusunod na mga linggo.

Paano gagamitin ang mga card na P-EBT?

Magagamit ang mga card na P-EBT na parang debit card upang bumili ng pagkain sa karamihan ng mga tindahan ng grocery at mga palengke, o bumili ng pagkain sa online sa Amazon o Walmart.

Makakakuha ba ang bawat mga pamilya ng bagong card na P-EBT kada buwan?

Hindi, dapat itago ng mga pamilya ang card na P-EBT ng mga bata. Kabilang sa unang pagpapalabas ang mga benepisyo sa unang bahagi ng taon ng pag-aaral 2020-21 hanggang Enero 2021. Maaaring ipalabas ang karagdagang mga benepisyo sa card kada dalawang buwan hanggang sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral hanggang nagpapatuloy ang emergency sa pampublikong kalusugan dahil sa COVID-19.

Bisitahin ang dshs.wa.gov/PEBT upang matuto ng higit pa!

Kung kailangan mo ng impormasyong ito sa ibang wika, tumawag sa P-EBT Contact Center sa **833-518-0282**.

Hinihikayat ang mga pamilya na lumahok sa **Grab-n-Go** mga pagkain sa paaralan kahit na mayroon silang mga benepisyo ng P-EBT.

Isang pantay na provider ng pagkakataon ang institusyong ito.